ANG **Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 18
Setyembre 21, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Singilin ang rehimeng US-Duterte sa sumisidhing krisis sa ekonomya at pulitika

Labis ang pagdurusa ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng papalubhang krisis sa ekonomya at pulitika ng naghaharing sistema sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Bunga ito ng pagmamatigas ng rehimen na ipatupad ang mga patakarang neoliberal sa ekonomya habang pinaghahari ang tiraniya at pasismo upang isagasa ang mga patakarang ito at itatag ang kanyang diktadura.

Patuloy na nasasadlak sa krisis ang ekonomyang atrasado, di industriyal, agraryo, nakasalalay sa importasyon at nakatuon sa pag-eeksport. Tulad ng nagdaang mga rehimen, bulag na sinusunod ng rehimeng Duterte ang mga patakarang neoliberal. Itinutulak niya ngayon ang pagsasagad ng liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan, partikular ang lalo pang pagluluwag sa importasyon ng bigas at ibang produktong agrikultural.

Pinalalabas ng rehimen na ito ang solusyon sa kakulangan ng suplay at mataas na presyo ng pagkain. Pinagtatakpan nito kung papaanong winasak ng todong liberalisasyon mula dekada 1990 ang lokal na kapasidad sa produksyon, gayundin ang usapin ng labis na kakulangan na suporta ng estado sa lokal na produksyon. Sa nagdaang dalawang dekada, lalong nalumpo ang lokal na ekonomya ng Pilipinas at lalong sumalalay sa pag-aangkat ng pagkain at iba pang pangangailangan.

Lumalala ang palagiang tagibang na kalakalang panlabas. Sa unang pi-

*"Singilin...," sundan sa pahina 2*

## Armadong mga aksyon sa NCMR, Negros at Bicol

SERYE NG MGA armadong aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang bahagi ng bansa.

**Agusan del Norte.** Noong Setyembre 18, alas-3:40 ng hapon, pinasabugan ng *command detonated explosive* ng BHB ang nag-ooperasyong mga tropa ng 23rd IB sa Barangay Lower Olave, Buenavista. Tatlo ang napatay at apat ang sugatan sa mga sundalo.

Nang araw ding iyon, alas-5:24 ng umaga, hinaras ng BHB ang mga pulis na nakaistasyon sa Barangay San Mateo, Butuan City. Sugatan ang isang pulis na si PO1 Ritchel Gulandreno.

Noong Setyembre 15, alas-2 ng hapon, nakasagupa

*"Armadong...," sundan sa pahina 3*

"Singilin...," mula pahina 1

tong buwan ng taon, walang kaparis sa nakaraan ang paglobo ng depisito sa kalakalan. Sumirit ang depisito sa balanse sa kabayaran. Noong nakaraang linggo, sumadsad ang halaga ng piso sa P54 bawat dolyar ng US, pinakamababa sa halos isa't kalahating dekada.

Tulad sa nakaraan, pinapaburan at inaakit ni Duterte ang malalaking kapitalistang mamumuhunang dayuhan at lokal. Ang kanyang programang "Build, Build, Build" ay nakatuon sa pagtatayo ng mga imprastrukturang pabor sa kanila. Kabilang dito ang mga proyektong *hydroelectric dam*, kalsada, riles, paliparan at iba pa. Nagsisilbi ang mga ito sa pagdudugtong ng mga "special economic zone" sa internasyunal na *assembly line* ng mga korporasyong multinasyunal. Milyun-milyon ang namemeligrong masagasaan ang kanilang lupang sakahan, lupang ninuno, tirahan, pangisdaan at iba pang pinagkukunan ng kabuhayan.

Pinaglalawayan ng mga burukratang kapitalista ang mga proyektong pang-imprastruktura dahil sa makukuha nilang *kickback*. Marami sa mga kontrata sa mga proyekto ay napunta sa mga kroni, tau-tauhan at mga kamag-anak ni Duterte at ng kanyang mga alipures, gayundin, sa mga pinapaburang malalaking burgesyang kumprador.

Bangkarote ang rehimeng Duterte. Nakatakda itong humiram nang halos P900 bilyon ngayong taon, malaking bahagi mula sa mga dayuhang ahensya sa mataas na interes. Upang itaas ang "grado" ng Pilipinas bilang bansang mangungutang, ipinataw ni Duterte ang bungkos ng buwis sa ilalim ng batas na TRAIN, hakbanging matagal nang itinutulak ng mga dayong "credit rating agency."

Mabilis na sumirit ang presyo ng mga bilihin ngayong taon. Noong Agosto, umabot sa 6.4% ang implasyon o bilis ng pagtaas ng presyo, pinakamataas sa halos isang dekada. Pumapaimbulog ang presyo ng bigas, isda at iba pang pagkain, langis at iba pang mga saligang pangangailangan, habang nananatiling mababa ang sahod at kita ng karaniwang mamamayan.

Ang krisis sa ekonomya at kabuhayan ay lalong naghihiwalay sa rehimeng Duterte sa mamamayan at nagbubunsod ng malalim na krisis nito sa pulitika.

Para panatilihin ang katatagan ng kanyang paghahari, lalong sumasandig si Duterte sa paggamit ng terorismo ng estado upang papaghariin ang sindak at takot. Libu-libo ang sinasalanta ng gerang Oplan Kapayapaan, batas militar sa Mindanao, Oplan Tokhang at digmang anti-Moro.

Dahil sa paggamit ng terorismo at laganap na mga abuso ng mga pwersa ng estado, kabilang ngayon si Duterte sa pinakakinamumuhiang simbolo ng pasismo sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa isinagawang International People's Tribunal sa Belgium kamakailan, hinatulan si Duterte at President Donald Trump ng US na nagkasala sa malawakang paglabag sa karapatang-tao ng mamamayang Pilipino.

Lalo pang nahihiwalay si Duterte dahil sa konsolidasyon ng alyansang Duterte-Marcos-Arroyo. Tumitindi ang panloob na tunggalian ng naghaharing rehimen dahil sa pag-uunahan ng iba't ibang paksyon sa *pork barrel* at mga burukratikong pakinabang. Ang iskema ni Duterte na itatag ang sariling diktadura sa bihis ng "charter change" ay mahigpit na nilalabanan maging ng ilan niyang kaalyado.

Lumalawak ang hanay ng iba't ibang mga pwersang demokratiko na magkaisa at paigtingin ang kanilang komun na pakikibaka para patalsikin si Duterte sa Malacañang. Tanda ng paglawak nito ang malalaking demonstrasyong inilunsad nitong nagdaang mga buwan.

Para konsolidahin ang kanyang kontrol sa poder, nais ni Duterte na muling palawigin ang batas militar sa Mindanao at ipataw ito sa buong bansa.

"Singilin...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 18 | Setyembre 21, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Singilin ang rehimeng US-Duterte sa sumisidhing krisis sa ekonomya at pulitika 1

Armadong mga aksyon ng BHB 1

Balik tanaw sa diktadurang US-Marcos 4

Mga protesta kontra batas militar 5

Duterte, Trump, hinatulang maysala 7

Palparan, habambuhay na ikukulong 7

7 Tausug, minasaker 8

Mga paglabag sa karapatang-tao 9

Gastos sa produksyon ng palay 10

Importasyon ng bigas 11

Panukalang badyet ng 2019 12

Malalaking mina, pinapanagot 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"Singilin...," mula pahina 2*

Subalit ang kumbinasyon ng krisis sa ekonomya at pulitika ay lalo lamang gumagatong sa apoy ng paglaban ng sambayanan. Malawak ang sigaw para lutasin ang problema ng pagsirit ng presyo ng pagkain, gastos sa edukasyon, gamot at iba pang pangangailangan. Lumalakas ang sigaw ng mga manggagawa para sa dagdag na sahod, para sa trabaho at seguridad sa trabaho, at para sa kanilang karapatang mag-unyon at magwelga.

Sa kanayunan, natutulak ang masang magsasaka at minoryang mamamayan na maramihang magbangon para makibaka para sa lupa, igiit ang karapatang magbungkal ng tiwangwang na lupa para sa produksyon ng pagkain, igiit ang tamang presyo sa kanilang produkto at subsidyong pang-estado sa produksyong agrikultural. Sigaw din nila ang katarungan para sa lahat ng biktima ng terorismo ni Duterte.

Ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka na isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan ay matatag na sumusulong sa buong bansa. Mabibigo ang mga deklarasyon ni Duterte at ng AFP na gagapiin ang BHB bago magtapos ang 2018 o sa unang hati ng 2019. Araw-araw, lumalawak ang BHB dahil parami nang parami ang nais magsandata upang labanan ang armadong panunupil ng AFP sa interes ng malalaking kapitalista.

Ang krisis sa ekonomya at pulitika sa ilalim ng rehimeng Duterte ay palatandaan ng patuloy at mabilis na pagkabulok ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Nagdurusa ang sambayanan sa matalim na krisis at pagsadsad ng kalagayang sosyo-ekonomiko. Paborable ang sitwasyon para sa pagsusulong ng armado at ibang anyo ng pakikibaka para ibagsak ang pasista, bulok at papet na rehimeng US-Duterte at isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon. AB

*"Armadong...," mula sa pahina 1*

ng BHB-Agusan del Norte ang nag-ooperasyong mga tropa ng 23rd IB sa Minpayaw Creek sa Sityo Bulak, Barangay Lower Olave, Buenavista. Dalawa ang naitalang napatay sa mga sundalo. Kinaumagahan, alas-3 ng hapon, muling nakasagupa ng BHB ang mga tropa ng 23rd IB sa parehong lugar. Dalawa rin ang nasawi sa mga sundalo.

**Bukidnon.** Hinaras ng BHB-Bukidnon ang nag-ooperasyong yunit ng AFP sa Purok 3, Barangay San Rafael, Talakag noong Setyembre 16. Isa ang kumpirmadong napatay at sampu ang sugatan sa mga sundalo.

**Misamis Oriental.** Hinaras ng BHB-Misamis Oriental ang detatsment ng 58th IB-CAFGU sa Palo, Barangay Minalwang, Claveria.

**Southeast Negros.** Isang punitibong aksyon ang inilunsad ng BHB-Southeast Negros sa ilalim ng Rachalle Mae Palang Command (RMPC) laban sa H.N., isang mapaminsalang opereytor ng *quarry* sa Sityo Major, Barangay Cawitan, Sta. Catalina noong Setyembre 15.

Dinisarmahan ng BHB ang mga gwardya at sinunog ang mga *backhoe* at *payloader* ng kumpanya na pagmamay-ari nina Hayney at Nestor Lim.

Ayon kay Ka Estrella Banagbanag, tagapagsalita ng RMPC, tugon ang naturang aksyon sa mga daing ng mamamayan. Sa pananaliksik ng RMPC, pitong residente na ng lugar ang namatay bunga ng paghuhukay ng H.N. sa Cawitan River.

**Camarines Sur.** Noong Setyembre 6, alas-12:30 ng madaling araw, hinaras ng BHB-West Camarines Sur ang detatsment ng 22nd IB-CAFGU sa Sityo Dinumpilan, Barangay Malinao, Libmanan. Isang myembro ng CAFGU ang napatay.

Noong Agosto 14, alas-6 ng umaga, patay si PFC Espiritu habang sugatan ang isang CAFGU sa pananambang ng BHB sa Barangay Cambalidio, Libmanan. Bago nito, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang naturang detatsment noong Hulyo 27.

Noong Agosto 10 sa Barangay Veneracion, Pamplona, pinaputukan ng BHB ang mga armadong elemento ng Military Intelligence Company (MICO) sa ilalim ng 9th ID kasabay ang ilang dating Pulang mandirigma na sina "Boris" at dalawang iba pa. Isa sa grupo ang napatay. Responsable ang grupo sa pagpatay sa mag-amang Danilo Abunin Sr. at Danilo Abunin Jr. noong Agosto 26, alas-5 ng umaga, sa naturang barangay.

Sa parehong barangay noong Hulyo 20, alas 10:00 ng umaga, napatay sa pananambang ng BHB si PFC Jhony Franco habang nakamotorsiklo. Si Franco ay myembro ng MICO. Nakumpiska sa kanya ang isang kalibre .45 na pistola, magasin at mga dokumentong paniktik.

**Sorsogon.** Pinaputukan ng BHB-Sorsogon ang detatsment ng Alpha Coy 31st IB sa Barangay Casay, Casiguran noong Agosto 28, bandang alas-8 ng gabi. Isang oras bago nito, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng 22nd IB-CAFGU sa Sityo Bungsaran, Barangay Rizal, Gubat.

Noong Setyembre 2, alas-2 ng hapon, pinaputukan ng BHB ang isang kumpanya ng 31st IB na nag-ooperasyon sa Sityo Lokot, Barangay Sta. Cruz, Barcelona. AB



Balik tanaw

# Matinding krisis ng diktadurang US-Marcos

Apatnapu't anim na taon na ang nakalilipas nang idineklara ng diktadurang US-Marcos ang Proclamation 1081 na nagpataw ng batas militar sa buong bansa. Sa taong 1979, kalahati ng buong panahong pag-iral ng batas militar, sadlak ang bansa sa matinding krisis sa ekonomya at pulitika. Matindi rin ang panggigipit sa mga demokratikong sektor.

Sa gitna nito, lumakas ang paglaban ng mamamayang Pilipino sa iba't ibang panig ng bansa. Libu-libo ang kumilos sa hayag at di hayag na mga pakikibaka at daan-daan ang lumahok sa armadong pakikibaka para ibagsak ang diktadurang US-Marcos.

**Bangkaroteng ekonomya**

Dumausdos ang ekonomya ng Pilipinas dahil sa pagsirit ng tantos ng implasyon sa taong 1979. Dulot ito ng paghahabol ng diktadura na makalikom ng pondo para sa ambisyosong mga programang imprastruktura nito. Dumami ang bilang ng mga manggagawa at magsasaka na dalawang beses na lamang kumakain sa isang araw.

Itinulak ng pagtaas ng presyo ng krudo, pinakamalaki simula batas militar, ang pagtaas ng mga presyo ng iba't ibang bilihin at serbisyo. Sumirit ang presyo ng primyum na gasolina nang 800% sa 1979, mula P0.37/litro bago ideklara ang batas militar tungong P3/litro. Ang ordinaryong gasolina naman ay tumaas nang 900%, mula sa P0.31 tungong P2.8/litro sa parehong panahon.

Litaw sa pagtaas na ito ang sabwatan ng imperyalismong US at ng tuta nitong si Marcos. Nakakuha ng 36% bahagdan ng dagdag-presyo ang imperyalistang kartel sa gasolina, samantalang 60% naman ang napunta sa rehimen sa porma ng buwis. Dulot nito, pumalo ang tantos ng implasyon sa 21% noong Hulyo at 30% sa pagtatapos ng taon.

Dahil dito, bumagsak ang dati nang mababang halaga ng sahod ng mga manggagawa. Ito ay sa kalagayang umaabot sa 11.5 milyong Pilipino ang walang trabaho, 40% ng kabuuang lakas-paggawa ng bansa.

Naging sunud-sunuran ang diktadura sa mga utos ng International Monetary Fund (IMF) na tanggalin ang lahat ng kontrol sa lokal na mga presyo. Kapalit ito sa hinahabol ni Marcos na utang mula sa IMF, World Bank at Asian Development Bank.

Sa unang hati ng 1979, umabot sa P70 bilyon ($8.7 bilyon sa palitang $1=P8) ang utang panlabas ng bansa. Lumaki pa ito tungong P72 bilyon ($9 bilyon) bago matapos ang taon.

Sunud-sunod na mga bagong buwis ang ipinataw ng diktadura. Ang buwis sa pabahay na nasa P1 ay itinaas tungong P10. Pinatawan din ng buwis ang mga migranteng manggagawa at propesyunal, gayundin ang mga opereytor ng dyip at maging ang mga pautang ng mga institusyong pinansyal.

Para pahupain ang galit ng mamamayan, naglabas ang rehimeng US-Marcos ng dikreto para umentuhan ang minimum na sahod mula P11 tungong P13. Pero kulang na kulang ito sa P45-50 na pangangailangan ng isang pamilya na may anim na kasapi sa panahong iyon.

**Pagsulong ng kilusang masa at armadong pakikibaka**

Noong 1979, ilang libong kasapi ng Partido at Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang nagmulat, nag-organisa at nagpakilos sa masang Pilipino sa sampung rehiyon sa buong bansa—Northeastern Luzon, Northwestern Luzon, Eastern Central Luzon, Western Central Luzon, Southern Tagalog, Eastern Visayas, Western Visayas, Mindanao at Manila-Rizal.

Inilunsad ng mga manggagawa, ang sektor na pinakatinamaan ng implasyon, ang kilusang welga sa mga pagawaan. Ang mga magsasaka ay naglunsad ng mga lakbayan tungong kalunsuran para iprotesta ang militarisasyon at ang nagmamahalang bilihin.

Naglunsad ng mga boykot at lumahok sa mga protesta para itaguyod ang mga kalayaang sibil at demokrasya ang mga guro, kabataan-estudyante at propesyunal. Nakaalyado at lumahok din sa mga paglaban ang ilan sa mga pambansang burgesya. Lumahok na rin sa kilusang protesta ang simbahang Katoliko at iba pang relihiyoso.

Dahil sa malalapad na protestang bayan, lumakas ang loob ng reaksyunaryong uri na kumilos laban sa diktadura. Kabilang sa mga tumindig sina Sen. Benigno Aquino, Jr., Sen. Gerardo Roxas at Diosdado Macapagal.

Sa kanayunan, bagaman maliit ang bilang at mahina ang lakas-pamutok kumpara sa reaksyunaryong hukbo, nakapagpundar ang BHB ng lakas at kakayahang lumaban sa maraming larangang gerilya. Sa panahong ito, mayroon nang 29 larangang gerilya sa 39 na prubinsya sa buong bansa.

Kaagapay ng rebolusyonaryong kilusan ang Moro National Liberation Front at ang mamamayang Moro na naglunsad ng armadong pakikibaka sa Mindanao. Dahil dito, napilitan ang diktadurang US-Marcos na banatin ang mga armadong pwersa nito sa iba't ibang bahagi ng bansa. Noong 1981, napilitan si Marcos na magkunwaring tapusin ang batas militar. AB

Halaw sa *Ang Bayan*, Nobyembre 1979

# Mga kilos protesta kontra batas militar

Sunud-sunod na mga pagkilos ang inilunsad ng iba't ibang sektor bilang paghahanda sa paggunita sa ika-46 taon ng pagpataw ng diktadurang US-Marcos ng batas militar noong Setyembre 21, 1972. Sa harap nito, nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mamamayan na gamitin ang mga aral sa paglaban sa diktador sa pagpapabagsak sa kinamumuhiang rehimeng US-Duterte.

Noong Setyembre 7, naglunsad ng "Black Friday Protest" sa Boy Scouts Circle, Quezon City ang grupong Rise Up for Life and for Rights, kasama ang mga magulang ng mga biktima ng Oplan Tokhang ng rehimeng Duterte at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Isinabuhay nila sa nasabing protesta ang tanyag na lilok na "Pieta" bilang simbolo hindi lamang ng dalamhati kundi ng pagnanais ng mga magulang ng biktima na matamo ang hustisya. Anila, halatang-halata ang pag-idolo ni Duterte kay Marcos dahil nais nitong malagpasan ang rekord ng huli sa bilang ng napatay sa ilalim ng kanyang rehimen.

Kabilang sa mga nagprotesta ang ina ni Joshua Laxamana, 17, isang kilalang manlalaro ng sikat na laro sa kompyuter na DotA na pinatay sa "gera kontra-droga." Si Laxamana ay pinaratangan ng pulisya na magnanakaw na may dalang shabu at baril upang bigyang-katwiran ang pagpatay sa kanya noong Agosto 17. Hanggang ngayon, nawawala pa rin ang kasama niya na si Julius Sebastian, 15 taong gulang.

Samantala, noong ika-101 kaarawan ng dating diktador, nagprotesta ang Campaign Against the Return of the Marcoses to Malacañang (CARMMA) sa Libingan ng mga Bayani sa Taguig City, kung saan pinayagan ni Duterte na ilibing ang kanyang idolo. Ayon sa CARMMA, kasuklam-suklam ang hayagang pakikipag-alyansa ni Duterte sa pamilya ng yumaong diktador kapalit ng paghigpit ng kapit sa kapangyarihan.

Noong hapon ng Setyembre 11, nagprotesta ang mga progresibong grupo sa iba't ibang panig ng bansa bilang sagot sa mahigit isang oras na "pribadong usapan" ni Duterte at kanyang tagapayong ligal na si Salvador Panelo kung saan muli siyang naghugas-kamay sa mga kasalanan niya sa bansa at nagturo ng kanyang mga kritiko bilang maysala sa kasalukuyang krisis sa ekonomya at pulitika sa bansa.

Maging ang administrasyon ng Unibersidad ng Pilipinas, sa ilalim ng pangulo nitong si Danilo Concepcion, ay naglabas ng proklamasyon na nagdedeklara sa Setyembre 21 bilang "Araw ng Pag-alala" sa mga iskolar ng bayan na nakibaka at nagbuwis ng buhay noong panahon ng batas militar ni Marcos.

**Lakbayan mula Timog at Gitnang Luzon**

Daan-daang magsasaka, katutubo, at mangingisda mula sa Central Luzon ang naglunsad ng tatlong-araw na "Lakbayan ng Magbubukid ng Gitnang Luzon," mula Setyembre 18 para ipanawagan ang tunay na reporma sa lupa at kundenahin ang tiraniya at pasismo ng rehimen.

Ayon sa mga magsasaka, ang kasalukuyang krisis sa bigas ay bunsod ng pagwawalang-bahala at pagpapabaya ng estado sa kalagayan ng mga magsasaka at kanilang produksyon, partikular sa Central Luzon na tinaguriang "rice granary of the Philippines." Sa halip na bigyang suporta ang mga magsasaka para paunlarin ang produksyon ng palay, lulong ang rehimen sa pagpapalit-gamit ng lupa at sinusuhayan pa ang pangangamkam ng lupa ng mga lokal at dayuhang panginoong maylupa at malalaking burgesya-komprador.

Kinundena rin ng mga magsasaka ang Oplan Kapayapaan na nagmilitarisa sa kanilang mga komunidad.

Lumahok sa lakbayan ang mga magsasaka, Aeta, at mangingisda mula sa Tarlac, Zambales, Pampanga, Nueva Ecija, Aurora, Bataan, Bulacan at Pangasinan. Una silang nagprograma sa harap ng panrehiyong upisina ng Department of Agrarian Reform sa San Fernando, Pampanga, bago tumungo sa Bulacan, at sa Maynila para makiisa sa United People's Action against Martial Law.

Daan-daang magsasaka at mga kasapi ng Bicol Movement Against Tyranny (BMAT) at Bayan-Bicol ang naglunsad din ng lakbayan tungong Maynila upang makiisa sa paggunita sa ika-46 na taon ng batas militar.

Sa rehiyon ng Bicol, nagdaos ng "Lakbay Dalangin" noong Setyembre 15 ang mga progresibong grupo sa pangunguna ng BMAT at Bayan, kasabay ng pista ng Peñafrancia sa Setyembre. Nagdaos sila ng prusisyon mula Peñaranda Park, Albay tungong Naga City, kung saan nag-alay sila ng dasal para sa mga biktima ng karahasan ng estado, at nanalanging itigil na ang mga pamamaslang sa Bicol.

**Welga**

Sa unang pagkakataon, nakatakdang magkasa ng welga ang mga manggagawa mula sa tinaguriang "sunshine industry" na *business process outsourcing* (BPO).

Nagsumite na ng "notice of strike" ang Unified Employees of Alorica, na binubuo ng 1,500 mga *call center agent*. Ayon sa mga manggagawa ng Alorica, nakararanas sila ng iba't ibang porma ng pagsasamantala, kabilang ang iligal




na tatanggalan, sistematikong pagpapalit ng mga empleyado na labag kahit sa Labor Code, at patuloy na pagtanggi ng maneydsment na kilalanin ang kanilang unyon.

Ayon sa BPO Industry Employees Network (BIEN), ang nakatakdang welga sa Alorica ay senyales na hindi na mananahimik ang mga *call center agent* kaugnay sa hirap na kanilang dinaranas.

Samantala, nagtayo ng kampuhan sa labas ng pabrika ng Jolly Plastics Molding Corporation sa Valenzuela City ang mga manggagawang tinanggal ng nasabing kumpanya noong Setyembre 17. Tinanggal ang naturang mga manggagawa matapos nilang suwayin ang utos ng maneydsment na sabihing walong oras lamang silang nagtatrabaho at na tumatanggap sila ng minimum na sahod nang magdaos ang Department of Labor and Employment (DOLE) ng inspeksyon noong Setyembre 11.

Sa halip na sundin ang utos ng ng maneydsment, nagsagawa ng "walk-out" ang mga manggagawa sa araw ng inspeksyon at isinumbong nila sa DOLE na 12 oras silang pinagtatrabaho araw-araw at sumusweldo lamang ng P430 para rito. Tinanggal sila kinabukasan.

Tumungo naman sa tanggapan ng DOLE sa Intramuros ang daan-daang manggagawang kontraktwal ng Magnolia (na pagmamay-ari ng San Miguel Corporation) noong Setyembre 12 upang kalampagin si DOLE Sec. Silvestre Bello III para tuparin na ang pangakong maglabas ng pinal na kautusan para iregularisa ang 404 na manggagawang kontraktwal ng kumpanya sa General Trias, Cavite. Karamihan sa mga manggagawa ay mahigit dalawang taon nang nagtatrabaho sa mga pagawaan ng produktong mantikilya at keso, kabilang ang Star Margarine at Dari Creme. Daing din nila ang napakababang pasahod, walang benepisyo, walang araw ng pahinga, at pwersahang pagpapaobertaym ng kumpanya.

**Paaralang bakwit**

Binuksan sa University of San Jose-Recoletos sa Cebu noong unang linggo ng Setyembre ang "Paaralang Bakwit" ng mga estudyanteng Lumad na napalayas sa kanilang mga komunidad dulot ng matinding militarisasyon sa kanayunan ng Mindanao. Mayroon itong mahigit 30 estudyante. Kasabay nito ang pagbubukas ng isa pang "Paaralang Bakwit" sa Baclaran Church sa Metro Manila na may higit 70 estudyante.

Noong Setyembre 10, binuksan din ng University of Santo Tomas sa Maynila ang kanilang mga pinto para sa mga estudyanteng Lumad. Nakatakda ring magbukas ng iba pang pansamantalang paaralan sa iba pang mga lugar sa Metro Manila at mga sentrong lungsod sa iba't ibang rehiyon sa susunod na mga linggo.

**Protesta sa ibang bansa**

Sa US, nagkasa ng raling iglap ang mahigit 300 kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan-USA) noong Setyembre 16 sa New York City.

Nagladlad ang grupo ng mga banderang may mga katagang "Resist US-led war and militarism" (Labanan ang pakanang gera at militarismo ng US) at "United States out of the Philippines" (US layas sa Pilipinas) sa Grand Central Station sa Manhattan bago sila nagmartsa tungong Philippine Center New York upang magsagawa ng programa. Ayon sa Bayan-USA, si Duterte ang isa sa mga pinakamapanganib na pangulo ng Pilipinas, hindi lamang sa larangan ng pagpatay, kundi bunsod na rin ng pagbulusok ng ekonomya, pagtaas ng presyo ng bilihin, at pangangayupapa sa mga dayuhang kapangyarihan.

Sa Japan, nagsagawa ng serye ng protesta ang mga manggagawa ng Toyota Motors Philippines Workers Association (TMPWA) upang ipanawagan sa pandaigdigang himpilan ng Toyota Motors na ibalik sa trabaho ang 237 manggagawa na tinanggal sa planta nito sa Pilipinas halos 17 taon na ang nakararaan. Sa protestang ginawa sa harap ng Toyota Nagoya Building noong Setyembre 16, nanawagan din ang TMPWA na bigyan ng danyos ang mga manggagawang iligal na tinanggal at sundin ng kumpanya ang rekomendasyon ng International Labor Organization na ibalik sila sa trabaho.

Isang protesta rin ang inilunsad ng mga kasapi ng TMPWA sa Japanese Embassy sa Pasay City noong Setyembre 17. Umani ng suporta ang mga manggagawang Pilipino ng Toyota mula sa mga kapwa manggagawa sa Indonesia, na naglunsad ng protesta laban sa kumpanya sa mga distrito ng Temate, Ambon, at Makassar. AB

# Duterte at Trump, hinatulang nagkasala sa internasyunal na hukuman

Hinatulang nagkasala sa International People's Tribunal (IPT) o pandaigdigang hukumang bayan sa Brussels, Belgium sina Rodrigo Duterte at US President Donald Trump sa kanilang mga pasistang krimen laban sa sambayanang Pilipino noong Setyembre 19.

Dininig ng IPT mula Setyembre 18 ang 21 kasong isinampa laban sa sa dalawang presidente. Kabilang sa mga ito ang mga kaso ng paglabag sa karapatang sosyo-ekonomiko, sibil-pulitikal at sa pagpapasya-sa-sarili.

Ang IPT ay isang pandaigdigang hukuman na binubuo ng mga internasyunal na organisasyon ng mga abugado at tagapagtanggol ng karapatang-tao. Ayon sa Karapatan, bahagi ang paglilitis ng hukuman sa lumalapad na paglaban sa tiraniya, pasismo, militarismo, at dayuhang panghihimasok na pinahihintulutan ng rehimen.

Sa kabila ng tangka ng Malacañang na palabasing "walang saysay" at pawang "propaganda" lamang ang ginanap na pagdinig ng IPT, iginiit at ipinaalala ng mga organisador ng pandaigdigang hukumang bayan na ang otoridad ng anumang korte—lokal man o internasyunal—ay nagmumula sa taumbayan.

Nagsilbing hurado sa IPT ang mga kilalang internasyunal na abogado at tagapagtanggol ng karapatang-tao mula sa US, The Netherlands, Iran, Italy at France. Ang hatol mula sa IPT ay isusumite sa International Criminal Court, European Parliament, at sa United Nations Human Rights Council bilang kaso laban sa rehimeng Duterte na sinusuhayan ng US.

Kabilang sa mga kasong dininig sa IPT ang lansakang pagpatay ng mahigit 23,000 mahihirap na Pilipino sa ilalim ng "gera kontra-droga," at mahigit 160 pagpatay sa mga lider-magsasaka at lider-katutubo. Kabilang din ang pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso laban sa mga lider, aktibista, at kritiko ng rehimen at ang pagpapakulong sa higit 500 indibidwal dahil sa kanilang paninindigan sa pulitika.

Dininig din sa IPT ang mga paglabag sa sosyo-ekonomikong karapatan, kabilang ang patuloy na pagpapatupad ng rehimen sa mga patakarang kontra-manggagawa at kontra-mamamayan.

Samantala, ang mga paglabag sa internasyunal na makataong batas at karapatan sa pagpapasya-sa-sarili ay kinabibilangan ng mga kaso ng atake sa 226 na paaralang Lumad sa Mindanao, ang panganganyon at *airstrike* sa mga katutubong komunidad at ang patuloy na panghihimasok ng militar ng US sa pagpapalakad ng reaksyunaryong gubyerno at militar sa bansa.

Kabilang sa mga tumestigo sa korte sina Sultan Hamidullah Atar ng Marawi City na nag-ulat ng mga krimen ng militar sa pang-aatake nito sa Marawi City noong 2017, at si Suara Bangsamoro Chairperson Jerome Succor Aba na biktima ng diskriminasyon, tortyur, at iligal na pagkakakulong sa US noong Abril. Tumestigo rin si Rev. Ritchie Masegman ng Rise Up for Life and for Rights para sa mga biktima ng Oplan Tokhang.

Hindi ang rehimeng US-Duterte ang unang tutang rehimen sa Pilipinas na hinatulang nagkasala ng IPT. Noong 1980, hinatulan din ng korteng ito ang diktadurang US-Marcos na nagkasala sa lantarang paglabag sa mga karapatang-tao ng mamamayang Pilipino. AB

## Palparan, habambuhay na ikukulong

HINATULAN NG HABAMBUHAY na pagkakakulong ang berdugong si Philippine Army Ret. Maj. Gen. Jovito Palparan, kasama ang dalawa pang akusadong dating upisyal ng militar, ng Malolos Regional Trial Court noong Setyembre 17 kaugnay ng kaso ng pagdukot at pagkawala ng mga estudyante ng University of the Philippines na sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan noong Hunyo 2006.

Batay sa hatol na inilabas ni Judge Alexander Tamayo, walang-dudang maysala sina Palparan, Lt. Col. Felipe Anotado Jr., at S/Sgt. Edgardo Osorio sa mga kasong *kidnapping* at *serious illegal detention* kaugnay ng kaso nina Empeño at Cadapan. Ang isa pa sa mga akusado, si M/Sgt. Rizal Hilario, na kasalukuyan pa ring hinahanap, ay ipinag-utos na arestuhin. "Reclusion perpetua" o habambuhay na pagkakakulong ang parusa sa mga hinatulan.

Higit 12 taon na mula nang dukutin ng mga elemento ng militar sina Empeño at Cadapan mula sa kanilang tinutuluyang bahay sa Hagonoy, Bulacan.

"Paunang tagumpay" ang tawag ng mga nanay nina Empeño at Cadapan sa hatol ng korte. Anila, kahit pa makulong si Palparan at kanyang mga kasabwat, hindi pa rin naiilitaw ang kanilang mga anak, at napakarami pang kaso ng pagpatay at iba pang paglabag sa karapatang-tao na sangkot ang berdugo na hindi pa nabibigyan ng hustisya.

Pinangangambahan din ni Concepcion Empeño, nanay ni Karen, at Erlinda Cadapan, nanay ni Sherlyn, na bigyan ng "pardon" ni Rodrigo Duterte si Palparan, ang paboritong heneral ni Gloria Arroyo, na nga-

*"Palparan...," sundan sa pahina 8*

"Palparan...," mula sa pahina 7

yo'y tumatayong House Speaker at kaalyado ni Duterte.

Kilala si Palparan hindi lamang bilang berdugo, kundi nangungunang tagapagpatupad ng madugong Oplan Bantay Laya (OBL) 1 at 2 ng rehimeng Arroyo.

Saanman italaga si Palparan noon, nag-iiwan siya ng bakas ng dugo. Mula Mindoro, Eastern Visayas, at Central Luzon, walang ampat ang pagdanak ng dugo sa ilalim ng kanyang pamumuno. Bukod sa pagdukot kina Empeño at Cadapan, pinangunahan niya ang pagpatay sa lider-aktibistang si Eden Marcellana at lider-magsasakang si Eddie Gumanoy sa Mindoro noong 2003, kay UCCP Pastor Edison Lapuz at Atty. Fedelito Dacut sa Leyte noong 2005, at kay Supreme Bishop Alberto Ramento ng Iglesia Filipina Independiente sa Tarlac noong 2006.

Naglabas naman ng pahayag ang mga progresibong organisasyon bilang pakikiisa sa mga kapamilya at pagpapahigpit pa ng panawagang hustisya sa lahat ng paglabag sa karapatang-tao ng Armed Forces of the Philippines at upang panagutin ang utak ng OBL na si House Speaker Gloria Macapagal Arroyo.

Pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang hatol kay Palparan ay nararapat magpatatag at magbigay-tapang sa sambayanang Pilipino na magpursige sa paggiit ng hustisya at pagtapos sa Oplan Kapayapaan, batas militar, at iba pang pasistang pakana ng rehimeng US-Duterte.

Nararapat na pasigabuhin ang paglaban sa nasabing mga pasista sa pamamagitan ng pagmomobilisa sa lahat ng rebolusyunaryong pwersa upang makamit ang hustisya. AB

# 7 kabataang Tausug, minasaker

Walang-awang minasaker ang pitong kabataang Tausug, na may mga edad na 18-31, ng mga elemento ng Task Group Panther sa pamumuno ni Lt. Col. Samuel Yunque at ng 5th Scout Ranger Battalion sa pangunguna ni Capt. Michael Asistores noong hapon ng Setyembre 14 sa Kabbon Takas, Patikul, Sulu.

Kinilala ang mga biktima na sina Makrub Diray, Basirun Hayrani, Mijan Hayrani, Binnajar Asak, Salip Maknun Sakirin, Hassan Hamsam at Alpadal Diray.

Bandang alas-9 ng umaga ng Setyembre 14, nagpaalam ang pitong kabataang lalaki sa mga upisyal ng 55th IB na nag-ooperasyon sa kanilang lugar na pupunta sila sa Sityo Tubig Bato ng nasabing barangay upang mag-ani ng mangosteen at lansones. Isang "Lt. Col. Salvador" ang nagbigay ng permiso sa kanila.

Bandang alas-11 ng parehong araw, dinakip ng mga Scout Ranger ang pito. Kinabukasan, Setyembre 15, nadatnan na lamang ng kanilang mga kamag-anak ang kanilang mga walang-buhay na katawan sa himpilan ng militar sa Jolo, at iprinisinta ng mga sundalo bilang mga kasapi ng Abu Sayyaf Group (ASG).

Sa isang pahayag, sinabi ng Suara Bangsamoro na ang mga biktima ay mga asawa ng mga benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program sa Patikul, at ang kanilang mga pamilya ay kabilang sa mga lumikas at pansamantalang naninirahan sa Barangay Igasan.

Ayon sa mga pamilya ng mga biktima, nagkaroon ng engkwentro sa pagitan ng ASG at Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kalapit na Barangay Bakong noong Setyembre 14. Ngunit nang dumaan sa Barangay Kabbon Takas ang mga sundalo, basta na lamang inaresto ng mga ito ang pito.

Iginigiit ng AFP na mga kasapi ang pito ng ASG, kahit pa may mga testigong nagsasabing bitbit pa ng pito ang kanilang inaning mangosteen nang sila ay dakpin ng mga Scout Ranger. Isa sa mga biktima, si Alpadal Diray, ay estudyante sa Jallao National High School.

Samantala, sunud-sunod na binomba at kinanyon ng AFP Joint Task Force Central ang mga bayan ng Shariff Saydona Mustapha at Datu Saudi Ampatuan sa Maguindanao noong ikalawang linggo ng Setyembre. Itinaboy nito ang daan-daang residente tungo sa Libutan, Datu Salibo at Shariff Saydona Mustapha.

Nauna nang nambomba at nanganyon ang AFP noong Setyembre 5 sa Barangay Bialong, Shariff Aguak, Maguindanao. Ayon sa *fact-finding team* ng grupong Kawagib at Suara Bangsamoro, napatay sa nasabing insidente si Ustadz Abdulladzis Abdulrahim, 58. Malubha namang nasugatan sina Farida Asim, 48, Saiden Ismael, 23, at Sema Bido, 62.

Noong Setyembre 4, binomba rin ng AFP, katuwang ang US Army Special Forces, ang Shariff Aguak, Maguindanao, upang targetin umano ang mga nasa likod ng magkasunod na pambobomba sa bayan ng Isulan, Sultan Kudarat noong Agosto 28 at Setyembre 3. Nagresulta ang nasabing *airstrike* sa tatlong sugatang sibilyan, isang patay, at pwersahang paglikas ng libu-libong pamilya.

Kinundena ng Suara Bangsamoro hindi lamang ang sunud-sunod na pambobomba kundi ang patuloy na direktang paglahok ng mga pwersang Amerikano sa nasabing mga operasyong kombat.

## Sa ibang bahagi ng bansa:

SA MALABOG, Caramoan, Camarines Sur, pinatay ng mga sundalo ng 83rd IB ang mag-asawang magsasakang sina Hermenio Aragdon, 69, at Soledad Aragdon, 60 noong Setyembre 11.

Tumungo ang mag-asawa sa kanilang bukid upang mag-ani ng tanim na saging na kanila sanang ibebenta para may pamasahe sila papunta sa pista ng Peñafrancia sa Naga City. Habang papunta sa kanilang bukid, hinarang sila ng mga sundalo at pinagbabaril. Sa pahayag ng mga sundalo sa midya, mga kasapi umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mag-asawa kahit pa may edad na sila, at engkwentro umano ang nangyari.

Sa tala ng Karapatan-Bicol, 51 na ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay sa rehiyon sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Isang magsasakang Lumad naman ang pinatay sa pamamaril ng mga elemento ng 23rd IB sa Sityo Bulak, Lower Olave, Buenavista, Agusan del Norte noong Setyembre 15.

Ang biktimang si Rex Hangadon at ang kanyang tatay ay nagpapahinga sa isang kubo sa bukid ng kanilang komunidad nang bigla silang paulanan ng bala ng mga sundalo. Ayon sa mga testigo, binuhat ng mga sundalo ang walang-buhay na katawan ni Hangadon palabas ng kubo. Samantala, nawawala pa rin ang kanyang tatay.

Bunsod nito, lumikas ang buong komunidad tungo sa isa pang bahagi ng kanilang barangay. Dati nang lumikas ang may 38 pamilyang Higaonon noong Setyembre 7 dahil sa presensya ng militar.

Sa Masbate, naiulat ang sunud-sunod na pagpaslang sa mga sibilyan mula Agosto hanggang unang hati ng Setyembre na kagagawan ng mga elemento ng 2nd IB, 22nd IB-CAFGU, PNP Regional Mobile Force Battalion 5, at mga "rebel returnees."

Kabilang sa mga biktima sina Nonong Capellan ng bayan ng Uson, Johnel Dejucos at Pablo Dilao ng Barangay Burgos, San Jacinto; mag-asawang Dominggito at Maria Deinla ng Barangay Resurreccion, San Fernando; Dingdong Escorel ng Barangay Cantorna, Monreal; at Ruel Nuñez ng Barangay Biyong, Masbate City.

**Panggigipit.** Kinundena ng mga grupong nagtatanggol sa karapatang-tao ang paglabas ng isang *memorandum* ng PNP Intelligence Group noon pang Mayo na nag-uutos sa pulisya sa buong bansa na mag-ipon ng impormasyon kaugnay sa mga pinagbibintangang lider ng BHB.

Kabilang sa mga nasa listahan ang ilang kilalang tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo mula sa Cordillera na sina Victoria Tauli-Corpuz, Joan Carling, Atty. Jose Molintas, Beverly Longid, Joanna Patricia Cariño, Windel Bolinget, Jeannete Ribaya-Cawiding at Sherwin De Vera.

Sa UP Diliman, pinuntahan ng mga pulis mula sa Quezon City Police Department ang bahay ni Student Regent Ivy Joy Taroma at paulit-ulit na itinanong sa kasamahan niya ang kanyang kinaroroonan. Kinwestyon naman ng administrasyon ng UP ang walang paalam na panghihimasok ng PNP sa loob ng unibersidad.

**Iligal na pag-aresto.** Sa Calayan, Cagayan, inaresto ng mga pulis at militar ang mag-asawang Edison at Divina Erece at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso noong Setyembre 3. Ang mag-asawang Erece ay aktibong mga myembro ng Amihan-Cagayan, isang organisasyon ng maliliit na magsasaka.

**Militarisasyon.** Sa loob ng unang dalawang linggo ng Setyembre, dalawang magsasaka ang biktima ng kalupitan ng 94th IB sa Barangay San Quintin, Moises Padilla (Magallon), Negros Occidental. Si Esoy Villahermosa, mahigit 40 taong gulang at residente ng Sityo Uway-uway, ay pinagbantaang papatayin at pwersahang isinama para magsilbing giya sa operasyong kombat ng mga sundalo. Pinahirapan si Villahermosa nang magtangka siyang tumakas.

Samantala, nilooban ang bahay at ninakaw ng mga sundalo ang pinaghirapang pera ni Eke Gempayan sa kalapit na Sityo Tibobong.

Sa Sta. Catalina, Negros Oriental, ginawang pananggalang ng mga sundalo ng 62nd IB ang mga residente ng Barangay Cawitan. Matapos ang aksyong pamarusa ng BHB-Negros sa isang mapaminsalang kumpanyang mina noong Setyembre 15, nagkampo ang mga sundalo sa Danao Elementary School at inutusan ang 20 residente, kabilang ang walong menor de edad, na bantayan sila tuwing gabi.

Inatake rin ng 24th IB, sa pamumuno ni 2Lt. Alquin Bolivar, ang mga komunidad ng katutubo sa Sallapadan, Abra. Kabilang sa kanilang mga paglabag ang pagdukot at sapilitang pagpapagiya kay Adjato Pati. Bago nito, tinutukan ng mga sundalo ang kanyang asawa at 8-taong gulang na anak upang paaminin kung nasaan siya. Sa pamamagitan ng panunuhol, panggigipit at pagsasampa ng gawa-gawang mga kaso, binubuyo ng mga sundalo ang mga residente na tumestigo laban sa kanilang mga katribu.

Sa Mindoro Oriental, 58 pamilyang katutubong Hanunuo ang napilitang umalis sa Sityo Panhulugan, Barangay Panaytayan, Mansalay dahil sa presensya ng 4th IB simula noong Setyembre 10. Okupado ng mga sundalo ang eskwelahan ng barangay, at pinipigilan ang mga residente na magsaka at magdala ng kanilang mga ani sa pamilihan. AB

# Gastos sa produksyon ng palay sa Kalinga

Palagiang isinasangkalan ng mga upisyal ng reaksyunaryong estado ang mataas na presyo ng lokal na bigas para bigyang katwiran ang pag-aangkat nito. Gayunpaman, anumang pagtaas ng presyo ng bigas ay hindi pinakikinabangan ng mga magsasakang nagpuprodyus nito.

Habang tuluy-tuloy na sumisirit ang presyo ng bigas, tumataas din ang gastos sa produksyon ng mga magsasaka habang nananatiling mababa ang presyo ng inaani nilang palay.

Isa ang Kalinga sa mga prubinsyang may mataas na produksyon ng palay sa bansa. Ang Tabuk, sentrong syudad nito, ay matatawag na "rice granary" ng Cordillera. Nasa 23,000 ektarya o 37% ng kabuuang 116,000 ektaryang kalupaan ng prubinsya ang tinatamnan ng palay. Karugtong ng Pinukpuk at Rizal, mga lugar kung saan nagsasalubong ang malalaking ilog tungong Chico River, nagpuprodyus ang prubinsya ng hanggang 176,000 metriko toneladang (MT) palay kada anihan.

Sa kabila nito, hindi umuunlad ang kabuhayan ng mga magsasaka sa Kalinga. Sa pangkalahatan, umaabot sa P45,000 ang gastos ng magsasaka para sakahin ang isang ektarya ng lupa. Saklaw nito ang mamahaling sangkap (abono, pestisidyo, pamatay ng damo) na pinoprodyus ng malalaking dayuhang kumpanyang agro-kemikal. *(Tingnan ang talaan.)* Malaki rin ang ginagastos sa upa sa makinarya, pasahod at transportasyon. Ang lahat ng ito ay binabalikat ng magsasaka. Kung maayos ang panahon (walang sakuna o bagyo), maaaring makabenta nang hanggang P73,893 ang magsasaka. Aawasin mula rito ang gastos sa produksyon at parte ng panginoong maylupa (P24,630) sa hatiang tersyuhan. Lalabas na nasa P4,508 ang netong kita ng magsasaka kada anihan. Kung hahatiin ito sa apat na buwan, lalabas na P37.50 lamang ang arawang kita ng magsasaka, kulang pa para ipambili ng isang kilong bigas.

Ang ganitong kaliit na kita ang nagtutulak sa mga magsasaka na mangutang para sa pangangailangan ng kanilang pamilya, gayundin para sa susunod na taniman. Sinasamantala ang kagipitang ito ng mga usurero na nagpapautang ng abono at/o pestisidyo na may mataas na interes o di kaya'y nagpapabayad gamit ang iskemang palit-palay o "sanla-bili" ng kanilang lupa.

Umaabot sa 5-7% ang interes kada buwan sa inuutang para pang-abono at pestisidyo. Ibabawas ang halagang ito sa benta na palay ng magsasaka. Sa ilalim ng iskemang "palit-palay," may dagdag na dalawang kaban na palay ang kada P1,000 na uutangin ng magsasaka. Kung pipiliin ng magsasaka na magbayad ng interes, buwan-buwan ay itinataas ito ng usurero ng 5-15% o 20-60 % kada anihan. Sa ilalim naman ng "sanla-tubos," ginagawang kolateral ang lupa sa halagang P50,000-P60,000/ektarya. "Tutubusin" ng magsasaka ang lupa sa pamamagitan ng pagbabayad ng ani nito sa loob ng isang takdang panahon. Kung hindi mabayaran ang halaga, kukumpiskahin ng usurero ang lupa sa iskemang "sanla-bili."

Dagdag na panganib sa kabuhayan ng mga magsasaka sa prubinsya, laluna sa kapatagan ng Rizal, ang pang-aagaw ng mga panginoong maylupa sa kanilang mga sakahan. Isa rito ang mga lupa sa Hacienda Madrigal na sumasaklaw sa mga barangay ng Babalag East, Babalag West, Macutay, Bolbol, San Pascual at San Quintin. Sa pamamagitan ng isang *deed of assignment*, isinalin ni Don Vicente Madrigal ang titulo ng asyenda sa Susana Realty, Inc., isang kumpanyang pag-aari rin ng kanilang pamilya. Dahil dito, ilang ulit nang nakaranas ng

**GASTOS SA ISANG CROPPING SA KALINGA**
(1 EKTARYA NA INUPAHAN SA KASUNDUAN NA TERSYO)

| FARM INPUTS | BILANG BAWAT INPUT | HALAGA |
|---|---|---|
| BINHI | 2 KABAN X P1,300/KABAN | P2,600 |
| MOLLUSCIDE | 1 SACHET MITAVIT, 5 SACHET SUREKILL | P3,650 |
| HERBICIDE | 1 LITRO | P250 |
| ABONO | 4 KABAN UREA, 3 KABAN AMMONIUM SULFATE | P6,120 |
| **UPA SA GAMIT** | **BILANG NG NAGTATRABAHO** | |
| KULIGLIG | | P4,500 |
| KALABAW | 1 KALABAW + NAGHAHAWAK | P1,300 |
| REAPER | | P7,308 |
| THRESHER | | P6,496 |
| **IBA PANG GASTOS** | **BILANG** | |
| KRUDO | 15-20 LITRO | P330 |
| TUBIG | KADA CROPPING (NIA) | P1,500 |
| HAULING | | P700 |
| PAGKAIN | | P350 |
| SAHOD | 30 KATAO | P9,750 |
| | **KABUUANG GASTOS NG MAGSASAKA** | **P44,754** |

| | |
|---|---|
| KABUUANG KITA | P 73,893 |
| Hati ng maylupa | - P24,630 |
| Hati ng nagsaka | P49,262 |
| Gastos ng magsasaka | - P44,754 |
| **NATIRANG KITA NG MAGSASAKA** | **P4,508** |

pagpapalayas ang mga magsasaka. Pinakamalala rito ay ang demolisyon noong Hunyo 25, 2007 kung saan siyam ang namatay, apat ang sugatan at marami ang iligal na inaresto sa tinaguriang Masaker sa Malapiat.

**Pahamak na mga patakaran**

Halos sangkatlo sa gastos ng magsasaka ay nakatuon sa pagbili ng mga dayuhang binhi at produktong agro-kemikal na inilalako mismo ng Department of Agriculture. Kabilang dito ang mga *hybrid* na binhi tulad ng RC4, RC14, IR10, IR36, IR64 at iba pa. Ang mga binhing ito ay galing sa International Rice Research Institute (IRRI), na pinopondohan ng mga korporasyong transnasyunal tulad ng Aventis, Bayer, Cyanamid, Monsanto at Novartis. Umaabot sa P584 milyon ang benta ng mga higanteng kumpanya tulad ng Bayer, Pioneer, SL Agritech, Monsanto at Syngenta sa isang taon sa mga kapatagan pa lamang ng prubinsya.

Dagdag sa gastos ng produksyon ang sumisirit na presyo ng mga produktong petrolyo na idinudulot ng bagong mga buwis. Nitong taon, tumaas na nang abereyds na P12/litro ang mga produktong petrolyo.

Liban sa malaking gastos sa produksyon, kulang na kulang ang serbisyo sa agrikultura na ibinibigay ng estado. Kabilang dito ang kakulangan ng irigasyon pangunahin sa Tabuk at Pinukpuk. Marami sa 6,180 ektaryang lupa ang hindi inaabot ng patubig. Sa kabila nito, tuluy-tuloy na sinisingil ng National Irrigation Administration ang mga magsasaka sa buong erya kahit kulang na kulang ang dumadaloy na tubig sa kanilang mga sakahan. AB

Halaw sa *Dangadang*, Hulyo-Agosto 2018

# Importasyon ng bigas, papatay sa maliliit na magsasaka

IGINIGIIT NG MGA upisyal ng rehimeng US-Duterte na ang tanging solusyon sa nagtataasang presyo ng pagkain ay ang malawakang pag-aangkat ng mga ito. Partikular sa bigas, itinutulak ng mga upisyal ng estado ang pagtatanggal ng mga *quantitative restriction* (QR o espesyal na turing sa bigas na naglilimita sa maksimum na bolyum na pwedeng iangkat ng bansa) at paglulusaw sa National Food Authority. Bibigyang-daan nito ang todong deregulasyon ng importasyon ng bigas na magpapahintulot sa malalaking kapitalista na direktang mag-angkat ng gaanuman kadaming bigas.

Sa halip na QR, iminumungkahi ng rehimen na patawan ng taripang 35% ang *imported* na bigas, alinsunod sa mga obligasyon ng Pilipinas sa ASEAN. Unti-unting ibaba ito sa darating na mga taon. Anang mga upisyal ni Duterte, ibababa ng *imported* na bigas ang lokal na presyo hanggang P7/kilo o higit pa, dahil mas murang nabibili ang *imported* na bigas kaysa lokal na bigas.

Pero ayon mismo sa mga pag-aaral ng reaksyunaryong gubyerno, malaking pinsala ang kaagad na idudulot nito sa mga magsasaka na nagtatanim ng palay. Dahil mabibili ng mga komersyante nang mas mura ang *imported* na bigas (P27/kilo ng bigas mula Vietnam, kasama ang gastos sa transportasyon at taripa), maoobliga ang lokal na mga magsasaka na ibenta ang kanilang palay sa mas mababang presyo, kundi ay hindi bibilhin ang kanilang produkto.

Sa presyong 2014, tinatayang kakailanganing ibaba ang presyo ng pagbili ng palay mula P12/kilo tungong P7-8/kilo na lamang (pagbabawas na hanggang P4.50/kilo).

Noon ding 2014, ang halaga ng bigas mula sa Vietnam (di kasali ang gastos sa importasyon) ay nasa P9.92/kilo lamang, kumpara sa P19.24/kilo na presyo ng lokal na bigas. Ito ay dahil diumano sa mas mababang gastos sa produksyon ng bigas doon na P6.53/kilo kada ektaryang tinatamnan ng palay, kumpara sa P12.41/kilo sa Pilipinas. Bago ipinataw ang bagong mga buwis nitong taon, nangahulugan ito ng minimum na P18,240 o mahigit 30% na pagbagsak sa kita sa bawat ektaryang tinamnan ng palay. Sa gayon, lubusan nitong ilulugmok sa pagkabangkarote ang dati nang naghihikahos na magsasaka.

Ayon sa isa pang pag-aaral ng reaksyunaryong gubyerno noong 2004, hindi kapakipakinabang sa bansa ang walang-sagka at deregularisadong pag-aangkat ng bigas. Katunayan, magdudulot ito ng matinding pahirap at dislokasyon ng milyun-milyong magsasakang nagtatanim ng palay at sa mga industriyang nakakabit sa subsektor. Babagsak ang produksyon ng palay kasabay ng pagbagsak ng presyo nito. Babagsak din ang negosyo at operasyon ng mga kiskisan. Bababa ang pangangailangan ng lakas-paggawa at daan-daang libo, kundi man milyun-milyon, ang mawawalan ng trabaho. Tinatayang nasa dalawang milyong magsasaka ang direktang nagtatanim ng palay. Dahil ninipis ang subsektor, babagsak ang pasahod sa loob nito.

Ayon pa sa naturang pag-aaral, hindi sapat ang pagbaba ng presyo ng bigas para balansehin ang idudulot nitong pinsala sa pinakamalaking subsektor sa agrikultura. Nasa 60% ng kabuuang gastos ng mayorya ng mga pamilyang Pilipino ang napupunta sa pagkain. Umaabot sa 21% ng badyet ng pinakamahihirap na pamilya ang napupunta sa pagbili ng bigas. Gayunpaman, malaking bahagi ng mga pamilyang ito (nasa kalahati ng populasyon sa kanayunan) ay nakasandig sa produksyon ng palay at ibang pagkaing pangkonsumo at sa gayon ay potensyal na mawawalan ng kabuhayan. Sa kadulu-duluhan, palalalain ng walang sagkang importasyon ang kanilang kahirapan. AB

# Panukalang 2019 badyet, pondo para sa todong pananalasa

MALALAKING KALTAS sa mga pangunahing serbisyong panlipunan habang dagdag pondo naman ang inilagak ng rehimeng Duterte sa isinumite nitong panukalang P3.757 trilyong pambansang badyet para sa 2019.




Sa kabuuan, kinaltasan ng rehimen ang pondo para sa mga serbisyong pang-ekonomiko nang P2.18 bilyon, samantalang P1.2 bilyon naman ang binawas sa serbisyong panlipunan. Kabilang sa mga makakaltasan ay ang Department of Education, na may P54.9 bilyong kaltas; Department of Agrarian Reform, na may P1.7 bilyong kaltas; Department of Agriculture, na may P5.9 bilyong kaltas; at ang National Housing Authority, na may P2.9 bilyong kaltas.

Sa kabila ng pagpasa ng reaksyunaryong batas na gagawing libre ang edukasyon sa mga pampublikong pamantasan, 63 sa 114 na pampublikong kolehiyo at unibersidad naman ang kinaltasan din ng pondo para sa 2019.

Wala namang laan ni singkong pondo para sa pagpapatayo ng mga bagong pabahay at maging ng mga bagong pasilidad para sa mga pampublikong ospital.

Samantala, tataas nang halos 35% ang badyet para sa Department of National Defense (DND). Umaabot sa P183.4 bilyon ang kabuuang badyet ng DND, kasama ang P25 bilyon para sa Revised AFP Modernization Program, ang pondo para sa pagbili ng mga armas; at P82 bilyon para pondohan ang mga batalyon ng Philippine Army.

Tataas din ng halos 31% ang pondo para sa Department of Interior and Local Government, na aabot na sa P225.6 bilyon sa 2019. Kasama dito ang P151.7 bilyong nakalaan para sa PNP Crime Prevention and Suppression Program, na malinaw na gagamitin para sa pagpapaigting ng pagpatay, pandarahas at pamamasista ng berdugong pulisya.

Nagmamantika ang badyet ni Duterte sa laki ng *pork barrel* na inilaan nito para sa sarili at kanyang mga kapartido. Sa katunayan, sa bawat tatlong pisong gagastahin ng reaksyunaryong gubyerno sa 2019, piso rito ay mapupunta sa *pork barrel*. Mahigit sangkatlo o P1.69 trilyon ang nakalagak sa "special purpose fund." Kabilang dito ang idinagdag na P2.86 bilyon o 9% sa Local Government Support Fund, at P400 milyon para sa Calamity Fund.

Sa pagdinig sa Kongreso, hindi na maitago ang bangayan ng mga naghaharing-uri sa hatian sa *pork barrel*. Litaw ang bangayan ng mga kampo nina Committee on Appropriations Chairman Karlo Nograles at House Speaker Gloria Arroyo hinggil sa paggamit ng P55-bilyong kwestyunableng pondong isiningit sa badyet ng Department of Public Works and Highways. Ayon kay Nograles, personal na hiling umano ni Duterte na huwag galawin ang naturang pondo. Ayon sa Makabayan, tiyak na gagamitin ni Duterte ang pondong ito para sa sariling pakinabang at para sa kampanya ng kanyang mga kandidato sa eleksyong 2019.

Upang pondohan ang nasabing badyet, bilyun-bilyon na naman ang uutangin ng reaksyunaryong gubyerno mula sa lokal at dayuhang institusyong pampinansya. Aabot sa P624.4 bilyon ang nakatakdang uutangin ng rehimeng para sa panukalang badyet nito sa susunod na taon. Bunsod nito, tataas ang utang ng bawat Pilipino, mula sa tinatayang P68,773 ngayong 2018 tungong P74,957 sa 2019. AB

## Papanagutin ang malalaking mina — *Kalikasan*

PINAPANAGOT NG GRUPONG Kalikasan at Cordillera People's Alliance ang malalaking kumpanya sa mina sa naganap na mga pagguho ng lupa sa Barangay Ucab, Itogon, Benguet habang nananalasa ang bagyong Ompong noong Setyembre 15 at sa Naga, Cebu noong Setyembre 20.

Sa pinakahuling mga ulat, umaabot na sa 69 patay at 43 nawawala matapos gumuho ang lupa mula sa abandonadong minahang *open-pit* ng Benguet Corporation sa Antapok. Bumagsak ang lupa sa komunidad ng maliitang mga minero na nasa baba ng mina sa Acupan at nagbaon sa kanilang mga bahay sa kasagsagan ng bagyo. Maling sisihin ang mga operasyon ng maliitang pagmimina bilang salarin ng pagguho ng lupa, ayon sa Kalikasan, dahil ang malalaking *tunnel* sa lugar ay mula pa sa mga operasyon ng dambuhalang kumpanya. Dagdag dito, nakakontrata sa kumpanya ang maliitang minero sa itinatag nitong Acupan Contract Mining Project. Ang Benguet Corporation ay pagmamay-ari ng pamilyang Romualdez.

Umaabot naman sa 52 ang patay at puu-puo ang nawawala sa Barangay Tinaan, Naga, Cebu nang gumuho ang lupa mula sa *quarry site* ng Apo Land and Quarry Corporation, isang kumpanyang nagsusuplay ng limestone sa Cemex Holding Philippines. Ang Cemex Holding ay isa sa mga pangunahing kumpanyang nagsusuplay ng semento sa programang Build-Build-Build ng rehimen. Nagmimina ng *limestone* ang naturang kumpanya para sa pagawaan nito ng semento.